

# SI PHILOBUS, KOPTIKONG PARI AT MISYONARYO NA EHIPSIYANO (BAHAGI 1 NG 2)

**Marka:**

**Paglalarawan?:** Ang isang pari na sa isang pagkakataon aktibong nagkakatat ng maling akala tungkol sa Islam ay niyakap ang Islam (bahagi 1).

**Kategorya:**

[Mga Artikulo](#) [Mga kuwento ng mga Bagong Muslim](#) [Mga Pare at mga Relihiyosong Personalidad.](#)

**Ni:** Ibrahim Khalil Philobus

**Nailathala noong:** 24 Aug 2020

**Huling binago noong:** 01 Jul 2007

Si Al-Haj Ibrahim Khalil Ahmad, dating si Ibrahim Khalil Philobus, ay isang paring galing sa Ehiptong Koptiko na nag-aral ng teolohiya at nakakuha ng mataas na antas mula sa Unibersidad ng Princeton. Pinag-aralan niya ang Islam upang makahanap ng mga puwang dito upang kanya itong atakihin, ngunit, sa halip ay niyakap niya ang Islam kasama ang kanyang apat na anak, na ang isa sa kanila ay napakahusay na propesor sa Unibersidad ng Sorbonne, Paris France. Sa isang kawili-wiling paraan, inihayag niya ang kanyang sarili na sinasabi:

“Ipinanganak ako sa Alexandria noong ika-13 ng Enero 1919 at ako ay ipinadala sa mga paaralan ng American Mission hanggang sa nakakuha ako doon ng sertipiko para sa sekundaryang edukasyon. Noong 1942 nakuha ko ang diploma mula sa Unibersidad ng Asiut at naging dalubhasa ako sa mga pag-aaral sa relihiyon bilang isang Guro ng Teolohiya. Ito ay hindi madali na gawain na maging isa sa mga guro, dahil walang maaaring sumali dito maliban kung meron siyang isang espesyal na rekomendasyon mula sa simbahan, at gayon din, pagkatapos niyang maipasa ang maraming mga mahihirap na pagsusulit. Nakakuha ako ng rekomendasyon mula sa Simbahan ng Al-Attareen sa Alexandria at isa pa mula sa Kapulungan ng Simbahan ng Mababang Kapulungan ng Ehipto pagkatapos kong maipasa ang napakadaming pagsusulit nang malaman ang aking mga kwalipikasyon upang maging isang tao ng relihiyon. Pagkatapos ay nakakuha ako ng pangatlong rekomendasyon mula sa Kapulungan ng Simbahan ng Snodo na kasama ang mga pari mula sa Sudan at Ehipto.

Ipinasok ako ng Snodus sa pagiging Guro ng Teolohiya noong 1944 bilang isang border na estudyante. Doon ako nag-aral sa kamay ng mga guro ng Amerikano at Ehipsiyano hanggang sa aking pagtatapos noong 1948.

Ipagpapalagay ko, pagpatuloy niya, na ako ay maitatalaga sa Herusalem, kung hindi dahil sa giyera na naganap sa Palestine nang taon ding iyon, kaya ipinadala ako sa Asna sa itaas na bahagi ng Ehipto. Sa parehong taon ay nagparehistro ako sa isang thesis sa Unibersidad ng America sa Cairo. Ito ay tungkol sa mga gawaing misyonero ng mga Muslim. Nagsimulang makilala ko ang Islam sa pakultad ng Teolohiya kung

saan pinag-aralan ko ang Islam at lahat ng mga pamamaraan kung saan maaari nating mailigaw ang pananampalataya ng mga Muslim at ilabas ang mga maling akala sa kanilang pag-unawa sa kanilang sariling relihiyon.

Noong 1952 nakuha ko ang aking M.A. mula sa Unibersidad ng Princeton sa U.S.A. at naitalaga bilang isa sa mga Guro ng Teolohiya sa Asiat. Dati akong nagtuturo ng Islam sa pakultad gayundin ang maling akala ng mga guro na ipinakalat ng mga kaaway nito at ng mga misyonerong laban dito. Sa panahong iyon, napagpasyahan kong dagdagan ang aking kaalaman sa Islam upang hindi lamang aklat ng mga misyonaryo ang aking binabasa. Napakalaki ng aking tiwala sarili na ipinangako kong basahin ang iba pang mga pananaw. Sa puntong iyon ay nagsimula akong basahin ang mga libro na akda ng mga Muslim. Napagpasyahan ko din na basahin ang Quran at intindihin ang mga ibig sabihin nito. Ito ay ipinahiwatig ng aking pag-ibig sa kaalaman at udyok ng aking pagnanais na madagdagan pa ng maraming mga ebidensya laban sa Islam. Ang resulta gayunpaman, ay ang kabaliktaran nito. Ako ay nagsimulang mag duda at nagsimulang makaramdam ng malakas na pangamba, at natuklasan ko ang kasinungalingan ng lahat ng aking napag-aralan at ipinangaral sa mga tao. Ngunit hindi ko maharap ang aking sarili at sinubukan sa halip na malampasan ang panloob na krisis at ipinagpatuloy ang aking trabaho.

Noong 1954, idinagdag ni Ginoong Khalil, ako ay ipinadala sa Aswan bilang isang secretary general ng German Swiss Mission. Iyon lamang ang aking maliwanag na posisyon, dahil ang aking tunay na misyon ay mangaral laban sa Islam sa Hilagang Ehipto lalo na sa mga Muslim. May isang pagpupulong ng mga misyonero ang ginanap sa oras na iyon sa Cataract Hotel sa Aswan, at binigyan ako ng pagkakaton upang magsalita. Sa araw na iyon ay nagsalita ako nang labis, na muling binabanggit ang lahat ng paulit-ulit na mga maling akala laban sa Islam; at sa pagtatapos ng aking pagsasalita, ang panloob na krisis ay muling dumating sa akin at nagsimulang rebisahin ang aking pananaw.

Sa pagpapatuloy ng kanyang kwento tungkol sa nasabing krisis, sinabi ni G. Khalil, "Sinimulan kong tanungin ang aking sarili: Bakit ko sasabihin at gagawin ang lahat ng mga bagay na ito na alam kong ako ay nagsisinungaling, dahil hindi ito ang katotohanan? Umalis ako bago matapos ang pagpupulong at umuwi mag-isa sa aking bahay. Ako ay lubosang natinag. Habang naglalakad ako sa hardin ng Firyal, narinig ko ang isang talata ng Quran sa radyo. Sinabi nito:

***"Sabihin [O Muhammad]: Ipinahayag sa akin na ang isang pangkat mula sa mga Jinn ay nakinig, pagkaraan sila ay nagsabing; "Katotohanan, kami ay nakarinig ng isang kahanga-hangang pagbigkas [ng Quran]. Ito ay nagpapatnubay [tungo] sa matuwid, kaya kami ay naniwala rito at kailanman kami ay hindi magtatambal sa Aming Panginoon nang isa man [o ng anupaman]." (Quran 72:1-2)***

***"At katotohanan, nang aming narinig ang Patnubay, kami ay naniwala rito, at sinuman ang maniniwala sa kanyang Panginoon ay hindi nangangamba sa kawalan o ng anumang kawalang katarungan." (Quran 72:13)***

Nakaramdam ako ng ginhawa sa gabing iyon, at pag-uwi ko sa bahay ay ginugol ko ang buong gabi ng aking sarili sa aking silid aklatan na nagbabasa ng Quran. Ang aking asawa ay nagtanong sa akin tungkol sa dahilan ng aking magdamag na pag-babasa at humiling ako sa kanya na huwag akong paki alaman. Huminto ako ng matagal para sa pag-iisip at pagninilay-nilay sa talata:

***“Kung ibinaba itong Quran sa [ibabaw ng] isang bundok, marahil ito ay iyong nakitang nagpapakumbaba-- [at] nagkasabug-sabog nang dahil sa kanyang takot sa Allah...”***  
***(Quran 59:21)***

At ang taludtod:

***“Katiyakan, iyong matatagpuan ang pinakamasidhing pagkapoot ng sangkatauhan sa mga naniniwala sa [lipon] niyaong mga Hudyo at niyaong mga mushrik [nagtatambal] at iyong matatagpuan bilang pinakamalapit sa pagmamahal sa mga naniniwala, yaong mga nagsasabing; "Kami ay mga Kristiyano." Iyan ay sa dahilang kabilang sa kanila ay mga [mabubuting] pari at mga [mabubuting] monghe at sila ay hindi mapagmalaki. At kapag kanilang naririnig ang anumang ipinahayag [o ibinaba] sa Sugo [si Muhammad] iyong makikita ang kanilang mga mata na labis ang pagtulo ng luha nang dahil sa natunghayan nilang katotohanan. Sila ay nagsasabing: "Aming Panginoon, kami ay naniniwala, kaya kami ay [iyong] italang kasama ng mga saksi. At bakit nga ba hindi kami maniniwala sa Allah at sa anumang katotohanang dumating sa amin? At aming hinahangad na [nawa'y] kami ay papapasukin [sa Paraiso] ng aming Panginoon kasama ng mga taong matuwid.”*** (Quran 5:82-84)

Pagkatapos ay sinabi ni G. Khalil ang pangatlong talata mula sa Banal na Quran na nagsasabi:

***“Yaong mga sumunod sa sugo, ang Propeta na hindi nag-aral [o di-makabasa at di makasulat], [siya ay] kanilang matatagpuang nakasulat [o binanggit] sa anumang nasa kanila sa Torah at sa Ebanghelyo - na nag-uutos sa kanila ng kabutihan at nagbabawal sa kanila ng kasamaan, at kanyang ipinahintulot sa kanila ang mabubuting bagay at nagbabawal sa kanila ng kasamaan, at pinagagaan para sa kanila ang mga pasanin at mga sakal [o tanikala] na nakagapos sa kanila. Kaya, yaong mga naniwala sa kanya [kay Muhammad], gumalang sa kanya, nakipagtulungan sa kanya [upang itaguyod at ipalaganap ang mensahe ng Islam] at sumunod sa liwanag [o mga aral ng Quran] na ipinahayag sa kanya, sila yaong mga magsisipagtagumpay. Sabihin mo [sa kanila O Muhammad]: "O sangkatauhan, katotohanan, ako ay Sugo ng Allah para sa inyong lahat - Siya na nagmamay-ari [at tanging tagapamahala] ng mga kalangitan at ng kalupaan. Walang diyos [na dapat sambahin] maliban sa Kanya. At Siya ang nagbibigay ng buhay at nagdudulot ng kamatayan.”*** Kaya, maniwala sa Allah at sa Kanyang sugo [Muhammad], ang Propetang hindi marunong magsulat at magbasa na naniniwala sa Allah at sa Kanyang mga salita [Kapahayagan] at sumunod sa kanya upang sakali kayo ay mapatnubayan.” (Quran 7:157-158)

Ang web address ng artikulong ito:

<https://www.islamreligion.com/tl/articles/105/si-philobus-koptikong-pari-at-misyonaryo-na-ehipsiyano-bahagi-1-ng-2>

Copyright © 2006-2020. Lahat ng mga karapatan ay inilaan. © 2006 - 2023 IslamReligion.com. Lahat ng mga karapatan ay inilaan.